# MAHALAGANG BALITA!

## MAKAKAAPEKTO BA ANG PAGGAMIT KO NG AKING MGA BENEPISYO SA AKING PAGKAKATAON NA MAKAKUHA NG GREEN CARD O MAGING ISANG U.S. CITIZEN?

## Ayon sa U.S. Citizenship and Immigration Services:

### Kung Wala Ka Pang Green Card

| | |
|---|---|
| ☺ **Hindi nito maaapektohan ang iyong pagkakataon na makakuha ng green card kung ikaw, ang iyong mga anak, o ibang kapamilya ay gumagamit ng:** | • **Health care,** tulad ng: Medicaid, NJ FamilyCare, WIC, prenatal care, ibang pang libre o murang medical care<br>• **Food programs,** tulad ng: food stamps, WIC,school meals, at iba pang tulong sa pagkain<br>• **Iba pang mga programa na hindi cash ang ibinibigay,** tulad ng: pabahay, tulong kapag may kalamidad, mga serbisyo sa child care, training sa trabaho, mga voucher sa transportasyon |
| ☹ **Maaari ka lamang magkaroon ng problema sa pagkuha ng iyong green card sa darating na panahon kung:** | • **Ikaw, ang iyong mga anak, o mga kapamilya ay gumagamit ng cash welfare,** tulad ng: Temporary Assistance For Needy Families (TANF), Supplemental Security Income (SSI), General Assistance (GA)<br>• **Ikaw ay nasa isang nursing home o iba pang long-term care (pangmatagalang pangangalaga)** na binabayaran ng Medicaid o ng ibang mga pondo ng gobyerno |

NJFC-IMM-TAGALOG-0123

# Kung Ikaw ay Mayroon nang Green Card

| | |
|---|---|
| ☺ **Hindi mawawala ang ang iyong green card kung kung ikaw, ang iyong mga anak, o iba pang mga kapamilya ay gumagamit ng:** | • **Health care tulad ng Medicaid o NJ FamilyCare, mga food program, at iba pang mga programa na hindi cash ang ibinibigay**<br>• **Cash welfare**<br>• **Long-term care** |
| ☹ **Ngunit maaari kang magkaroon ng problema:** | • Kung umalis ka ng U.S. nang higit sa 6 na buwan na magkakasunod at gumamit ka ng cash welfare o long-term care<br>• O KAYA sa mga talagang bihirang kaso, kung gumamit ka ng cash welfare o long-term care sa iyong unang 5 taon sa U.S., para sa mga kadahilanan (tulad ng pagkakasakit o kapansanan) na naroroon na bago ka pa pumasok ng bansa |

# Kung Ikaw ay Isang Refugee O Asylee

☺ **Maaari mong gamitin ang anumang mga benepisyo, kabilang ang cash welfare, health care tulad ng Medicaid o NJ Family Care, mga food program, at mga programa na hindi cash ang ibinibigay,** nang hindi naaapektohan ang iyong pagkakataon na makakuha ng green card.

☺ **Hindi ka maaaring tanggihan na bigyan ng U.S. citizenship dahil tumanggap ka ng mga benepisyo nang legal,** kabilang ang cash welfare, health care tulad ng Medicaid o NJ Family Care, mga food program, at mga programa na hindi cash ang ibinibigay.

# Kung Gusto Mong Mag-isponsor sa Iyong Kamag-anak

☺ **Ang paggamit ng mga benepisyo, kabilang ang cash welfare, health care tulad ng Medicaid o NJ FamilyCare, mga food program, at mga programa na hindi cash ang ibinibigay, ay hindi dapat humadlang sa iyo na isponsoran ang iyong kamag-anak.**
Ngunit kailangan mong ipakita na ikaw o ang iyong co-sponsor ay kumikita nang sapat upang suportahan ang iyong kamag-anak.

**Ang mga kapamilya ay hindi kailangan kumuha ng kanilang sariling Social Security numbers kung sila ay nag-aaplay para sa health coverage para sa kanilang mga anak.**
**Ang impormasyon na ibinigay sa aplikasyon ay kompidensiyal at hindi ibabahagi sa iba.**

NJ FAMILYCARE

Affordable health coverage. Quality care.

**1-800-701-0710**

**TTY: 711**